

# Chapter One



“Tay, may baon po akong joke para sa inyo,”  
excited na sabi ni Sasha sa ama.

Kahit may dinaramdam ay nagawa pa ring ngumiti ng kanyang ama. Halos isang buwan na itong nakaratay sa *St. Therese Medical Center*. Mahina ang puso nito at kailangan nitong sumailalim sa isang operasyon para mawala ang bara sa puso. Pero malaking halaga ang kailangan para maisagawa iyon. At sa estado ng kanilang kabuhayan ay wala silang kakayahang maglabas ng malaking pera. Naubos na ang kanilang ipon sa pagpapabalik-balik ng kanyang ama sa ospital. Wala na rin siyang ibang malapitan para hiraan ng pera. Kaya naman doble ang

ginagawa niyang pagkayod para masuportahan ang pagpapagamot ng kanyang ama.

“Ano sa Japanese ang maganda?” tanong ni Sasha habang hawak ang kamay ng kanyang ama.

“Ano?” Kahit mahina ang tinig ay pilit nitong sinasabayan ang sigla niya.

“Eh, di ka-mu-ka-ko!” aniyang ginaya pa ang accent ng mga Hapon.

Sabay silang natawa. Nakita niyang napangiwi ang kaibigang si Chelsea na siyang nagbabantay sa kanyang ama kapag nasa trabaho siya. Kababata niya ito at parang tunay na ama na ang turing nito sa itay niya. Halos kasabay niya itong lumaki dahil kinupkop nila ito nang maulila noong bata pa. Nagkataon na kaka-end of contract lamang nito sa trabaho at hindi na na-renew nang ma-confine ang tatay niya kaya pinakiusapan niya ang kaibigan na ito muna ang sumama sa kanyang ama sa ospital. Hindi naman siya nagdalawang-salita rito. May inuuwian itong bedspace na malapit lang sa ospital. Nangako si Sasha na siya muna ang magbabayad ng upa roon, pero sinabihan siya ni Chelsea na huwag na iyong alalahanin.

Narinig niya ang sarkastikong tawa ng

kaibigan. “Kailangan ko pang kilitiin ang sarili ko para matawa,” reklamo nito. “Wala bang bago? Panahon pa iyan ng lolo ko.”

Binatukan niya si Chelsea. “Tse! Kung nakokornihan ka, eh, di takpan mo ang tenga mo.” Muli siyang bumaling sa kanyang ama na mukhang naaalih sa bangayan nilang magkaibigan. “Itay, may isa pa po akong joke.”

“Hay, last mo na iyan! Sinasabi ko sa ’yo, iyan ang ibabagsak ng career mo,” ani Chelsea at pasalampak na humiga sa sofa. Nagtakip pa ito ng unan sa mukha.

“Tse! Basher kita talaga, ’no?” Dineadma na lang niya ito. “Ano sa Hapon ang katulong?”

“Ano?” tanong ng kanyang ama.

“Eh, di oto-san!”

Malakas ang naging tawa ng kanyang ama na para bang nakalimutan nito ang sakit nito. Malapad siyang napangiti habang nakatingin sa masayang mukha nito. These were the moments that she cherished the most. Ang mga sandaling tulad nito ang lalong nagpapalakas sa kanya para lumaban sa buhay. Kahit minsan ay parang gusto nang sumuko ng kanyang katawan sa sobrang pagod, maisip lang niya ang ngiti at tawa ng kanyang ama, lumalakas na ulit siya.

Tumingin siya sa suot na wristwatch saka humalik sa noo ng ama at tumayo na.

“Itay, kailangan ko na pong umalis. Papasok po muna ako sa trabaho. Magpahinga po kayo, ha. Huwag pong matigas ang ulo ninyo. Susunod po kayo sa lahat ng sasabihin ng doktor.”

Ngumiti ang kanyang ama. Itinaas pa nito ang kanang kamay. “Pramis, anak.”

Malungkot siyang napangiti. Pero agad din niyang pinasigla ang mukha. Hindi niya puwedeng ipakita sa ama ang tunay na nararamdaman. Kailangan niyang maging malakas.

“Pagbalik ko, mas marami akong baong jokes.”

“Puwede ’yung nakakatawa naman?” sabat ni Chelsea na bumangon na mula sa pagkakahiga.

“Huwag ka ngang kontrabida. Nakakatawa naman ang mga jokes ko, ah. Nahihiya ka lang umamin, eh. Ikaw na muna ang bahala kay Itay, ha.”

“Sureness. Ingat ka, friend.”

Lumabas na siya ng kuwarto. Marahan niyang isinara ang pinto saka nanghihinang napabuntong-hininga.



Nagmamadaling pumasok si Sasha sa Italian restaurant na pinapasukan niya bilang waitress. Tumuloy siya sa kitchen at agad na isinuot ang uniporme saka pumuwesto sa harap ng service counter. Binati niya si Yzzy na kaibigan niyang waitress.

“Andito na ba si Miss Minchin?” pabulong na tanong niya kay Yzzy. Ang tinutukoy niya ay ang masungit na may-ari ng restaurant.

“Swerte mo, wala pa siya. Bakit ka ba na-late?” balik ni Yzzy.

Napakamot siya sa ulo. “Alam mo na, galing pa ako sa ospital. Tapos ang haba ng pila sa *MRT*. At kamalas-malasan ko pa, inabot ako ng traffic. At nang—”

Natigil siya sa pagsasalita nang mapansing hindi na nakikinig sa sinasabi niya si Yzzy. Napakunot-noo siya nang makitang tila kumikislap ang mga mata nito habang parang tangang bahagya pang nakanganga.

“Hoy! Ano’ng nangyari sa ’yo?” nag-aalalang tanong niya rito. “Na-stroke ka ba? O may nakikita kang hindi ko nakikita?” Kinilabutan siya.

Impit ang tiling hinampas-hampas nito ang kanyang braso habang kagat-labing nakatingin sa pintuan ng restaurant. Wala sa loob na

napatingin siya sa direksyon na tinitingnan nito. At nahigit ang kanyang hininga nang makita niya ang isang napakaguwapong lalaking papalapit sa kanila. Parang slow motion pa ito sa paglalakad habang tinatangal ang suot nitong sunglasses. Wala sa sariling sinundan niya ito ng tingin hanggang sa pumuwesto ito sa mesang malapit sa kanila.

“Sasha, nananaginip ba ako? Nakakakita ba talaga ako ng napakaguwapong lalaki? Kurutin mo nga ako,” kinikilig na sabi ni Yzzy.

Wala sa sariling kinurot niya ang braso nito. At tila natauhan din ang kasamahan nang malakas itong umaray.

“Masakit iyon, ha! Grabe ka, Sasha,” sabi nito habang hinihimas ang brasong nasaktan.

“Sorry, sorry. Ikaw naman kasi.”

“Pero ang guwapo talaga niya, ’no? Sino kaya siya? Ngayon ko lang siya nakita dito.” Tila nangangarap itong nakatingin sa lalaking nakaupo paharap sa kanila. Tumaas ang kanang kamay ng lalaki, tanda na tinatawag sila.

Bahagya siyang itinulak ni Yzzy. “Ikaw na. Baka di ko mapigilan ang sarili ko,” pabirong sabi nito.

Natawa na lang siya sa kaibigan at agad na

lumapit sa lalaki.

“Good morning, Sir.” Iniabot niya ang menu book dito. Nang matuon ang atensyon nito sa menu ay nagkaroon siya ng pagkakataon na matitigan ito sa malapitan. He was wearing jeans and a black coat over a shirt. Iyong tipong formal na rugged type ang dating. His hair was wind-tousled. Hindi niya alam kung nagulo nga ba iyon ng hangin o sadyang magulo talaga. Gayunman, parang nakadagdag pa iyon sa kaguwapuhan nito. Matangos ang ilong nito at manipis ang mga labi. Mga labing mas mapula pa yata kaysa sa mga labi niya at tila kay-lambot.

Wala sa sariling napabuntong-hininga si Sasha. Kung anu-ano ang pumapasok sa isip niya. Nakarinig siya ng malakas na pagtikhim. Napakurap-kurap siya. Nang muli siyang tumingin sa lalaki ay nakita niyang nakatitig ito sa kanya. At mukhang kanina pa rin ito nakatingin sa kanya.

“M-may I take your order, Sir?” She wanted to scold herself for stammering. Kung bakit kasi ganoon ito kung makatingin sa kanya.

He chuckled. Saka napailing.

“I already gave you my order. But it looks like you are not paying attention. Mukhang mas busy

ka sa pagtitig sa akin. Do you like what you are seeing?”

Naramdaman ni Sasha ang pag-iinit ng kanyang mukha. He was mocking her! Agad umahon ang inis sa loob niya. Mayabang pala ito, eh. Kung kanina ay humahanga siya rito, ngayon ay nabubwisit na siya. Isa itong malaking turn-off!

“Napakayabang!” inis na bulong niya.

“Are you saying something?” tanong nito.

“Ah, ang sabi ko po puwede ko po bang makuha ulit ang order ninyo?” Hindi niya maitago ang inis sa boses.

Tumawa pa ang lalaki na lalo niyang ikinainis. Nang makuha na niya ang order nito ay mabilis na niya itong tinalikuran.

“O, ano? Ang guwapo, di ba?” kinikilig na bulong sa kanya ni Yzzy nang madaanan niya ito.

“Guwapo? Magsalamin ka nga. Mukhang malabo na ang mga mata mo,” inis na sabi niya at nilagpasan na ito.



Napapangiwi si Sasha habang nakatingin kay Yzzy na nakapangalumbaba habang tila nangangarap na nakatitig sa mayabang na lalaki. Panakanaka ay tumitingin sa direksyon nila ang



lalaki na lalong nagpapakilig kay Yzzy.

Kung hindi niya siguro alam kung gaano ito kayabang ay baka kinilig din siya. Inabala na lang ni Sasha ang sarili sa trabaho at hindi na tiningnan pa ang lalaki. Baka masira lang ang magandang araw niya.

Mayamaya ay may narinig siyang tunog ng cellphone. Narinig niya ang baritonong boses ng lalaki. Mukhang may kausap ito. Malapit ito sa pwesto niya kaya hindi niya maiwasang marinig ang pakikipag-usap nito habang nakatalikod siya.

“Sammy? What? You’re here? What a surprise!” Bakas sa boses nito ang tuwa at pagkasorpresa.

Saglit itong tumahimik na wari’y nakikinig sa kabilang linya.

“Okay. I’ll fetch you. Hintayin mo ako.”

Ilang saglit pa ay hindi na niya naririnig ang boses ng lalaki. Nang muli siyang humarap ay napakunot-noo siya nang hindi na ito makita pa. Wala ni anino nito! Nang tumingin siya kay Yzzy ay tulala pa rin ito.

“Yzzy! Nasaan na ’yung lalaki?” tanong niya.

“Umalis na,” tila nangangarap pa rin na sabi nito.

Umahon ang kaba sa kanyang dibdib. “Anong

umalis na?”

“Umalis. As in lumabas ng pinto at sumakay ng kotse. Yung pwet niya, 'Te, pagtalikod, ang yummy!” kinikilig na sabi nito.

Nanlaki ang mga mata ni Sasha.

“Umalis?!” Napalakas ang boses niya kaya tila natauhan si Yzzy.

“Bakit ka ba sumisigaw?” tanong nito.

“Nagbayad ba siya?” sa halip ay tanong niya. Ipinagdasal niyang sana ay oo.

“Huh? Ahm, hindi, eh,” kakamot-kamot sa ulong sabi ni Yzzy.

“Ano?!” Rumehistro na sa kanya ang lahat. Ang hinayupak, tinakasan sila!

“Kanina ka pa nakatunganga sa kanya, hindi mo man lang siya siningil bago siya umalis?” naiinis niyang sita sa kaibigan.

“Eh, kasi nawala ako sa sarili ko. Sorry na. Magkano ba ang bill niya?”

Kinuwenta niya kung magkano ang lahat ng inorder ng lalaki. Lalong nanlaki ang mga mata niya nang makita ang mga numerong rumehistro sa calculator. Aba! Pambayad na niya iyon sa utang niya sa masungit niyang kasera sa inuupahang kuwarto.

Napasabunot siya sa buhok. “Mukhang

mawawala rin ako sa sarili ko. Masasakal kita, Yzzy!”



“That ends my presentation.”

Nagising si Darren nang bumukas ang ilaw sa conference room. Awtomatikong tumayo siya at malakas na pumalampak.

“Great! Nice presentation,” aniya habang pumapalampak. Pero agad din siyang natigilan nang mapansing nakatingin ang lahat sa kanya. May nagtataka at may nagpipigil tumawa. Nang dumako ang tingin niya sa kanyang lolo ay nakita niyang napasapo ito sa ulo saka napailing. Tumikhim muna siya bago muling naupo.

“The meeting is adjourned,” mayamaya ay sabi ng kanyang lolo na si Don Marcelo. Ito ang CEO ng *Santillan Steel and Construction Company* na pag-aari ng kanilang pamilya.

Tumayo na ang lahat maging siya. Pagkatapos ng nakakabagot na meeting na ito ay aalis na rin siya. Kailangan niyang humabol sa motor racing tournament kung saan isa siya sa mga kasali. Isa ito sa sports na kinahihiligan niya na mariing tinututulan ng kanyang lolo. Isa raw iyong kalokohan ng mga taong sawa na sa buhay.

Patakas na siya nang—

“Darren, you stay. May pag-uusapan pa tayo,” sabi ng lolo niya na nagpatigil sa paghakbang niya.

“Lolo, may pupuntahan pa ako. Can’t we just talk later?” Nasa tinig niya ang pagkabagot.

“No, we’ll talk now,” puno ng awtoridad na giit ni Don Marcelo. Kapag ganoon ang tinig nito ay wala na siyang nagagawa.

“Okay.” Muli siyang umupo sa swivel chair. “What is it?”

Bumuntong-hininga ang matanda. “Hindi ko nagustuhan ang inasal mo kanina sa meeting. This is your first meeting and yet you slept through it. I bet wala kang naintindihan sa mga napag-usapan. How can I give you the Marketing Manager position? Tell me.”

Napabuntong-hininga siya. “Then don’t. Alam ninyo naman na ayoko ng posisyong iyon.”

Napatiim-bagang ang lolo niya. “You are so irresponsible, Darren! You are already twenty-five pero ayaw mo pa ring magseryoso. Look at Harry. Ang dami na niyang accomplishments sa buhay. While you, you’re still acting like a child. Puro party at pambababae ang nasa isip mo.”

Naikuyom niya ang mga palad. Ikinumpara na naman siya sa kapatid niya sa labas. Ang

kapatid niya na laging magaling.

“Then give Harry the position. I don’t deserve it because I’m such a big disappointment, right? I have to go.”

Mabilis siyang lumabas ng conference room. Narinig pa niya ang pagtawag ng lolo niya sa kanya, pero hindi na niya ito pinansin. Napatiim-bagang siya. Bakit ba kahit saan siya pumunta, laging anino lang siya ni Harry? Siya ang tunay na Santillan. At si Harry, he was just a homewrecker’s son.

# Chapter Two



“Miss, sige na. Papasukin mo na ako. Kailangan ko lang makita ang lalaking ito,” pamimilit niya sa receptionist na nasa lobby. Ipinakita niya ulit ang larawan na nasa wallet. “Hindi ba dito nagtatrabaho si Darren Santillan?”

“Yes, ma’am. Pero wala po kayong appointment sa kanya. Kaya hindi po kayo puwedeng pumasok,” tila naiinis nang sabi ng receptionist sa kanya.

May kalahating oras na kasi niya itong pinipilit na papasukin siya para mapuntahan niya ang lalaking hindi nagbayad matapos umorder ng pagkamamahal. Sinuswerte pa rin

siya dahil nakita niyang nalaglag sa sahig ang wallet nito. Tuloy napag-alaman niyang dito pala sa *Santillan Steel and Contruction Company* ito nagtatrabaho.

“Bakit ba kailangan ko pa ng appointment? Ano ba ang lalaking iyon dito? Apo ba siya ng presidente? Psh,” inis na bulong niya sa sarili.

Napabuntong-hininga na lang siya. Mukhang mahihirapan siyang pakiusapan ang receptionist. Baka kapag pinilit pa niya ito ay tuluyan na itong mainis at ipakaladkad na siya sa security guard palabas ng building. Pero hindi rin siya puwedeng umuwing luhaan. Ang laki kaya ng inabonohan niya sa restaurant. Wala na nga siyang pambayad sa inuupahan niyang bahay at sa pagpapagamot ng kanyang itay, heto at nagbayad pa siya sa pagkaing hindi naman siya ang kumain.

“Kapag nakita ko talaga ang lalaking ’yun, lagot siya sa ’kin!”

Kailangan niya itong makita at singilin sa pagkakautang nito. Muli siyang tumingin sa receptionist na ngayon ay may kausap sa telepono. Nang tumingin siya sa guard ay abala ito sa pagbati sa mga pumapasok sa building. Nakita niyang bumukas ang isang elevator. Ilang

hakbang lang iyon mula sa kinatatayuan niya. Napangiti siya.

*It's now or never!*

Mabilis siyang tumakbo papasok sa elevator. Nang magsara iyon ay saka lang siya nakahinga nang maluwas. Success! Nakapasok siya. Makikita na rin niya ang lalaking mayabang.

Muling bumukas ang elevator at may ilang pumasok na naka-corporate attire. Napatingin tuloy siya sa repleksyon niya sa pinto ng elevator. Mukha yata siyang busabos sa suot niyang lumang jeans at T-shirt. Kaya siguro ayaw siyang papasukin ng receptionist. Akala siguro manghihingi siya ng limos.

*Ang sosyal pala ng mga tao dito. Lahat mukhang artista, aniya sa isip.*

Nang muling bumukas ang elevator ay lumabas na siya. Saka niya naalalang hindi pala niya alam kung saang floor makikita ang lalaki. Kinuha ni Sasha mula sa bag niya ang wallet ng lalaki saka hinugot ang calling card na naroon. Tiningnan niya kung nakasulat doon kung saang floor ang opisina ito.

Nakatitig siya sa tarheta nang maramdaman niya ang pagbangga ng kung sino sa kanang balikat niya. Muntik pa siyang matumba sa lakas



ng impact niyon. Mabuti na lang at maagap ang kung sinumang nakabunggo sa kanya at mabilis siyang nahawakan sa braso.

“Sorry—” umpisa niya.

“Look where you’re going,” masungit na putol ng nakabunggo sa kanya at mabilis siyang tinalikuran. Ni hindi man lang niya nakita ang hitsura nito.

Tumaas ang isang kilay niya. *Antipatiko! Kung ayaw mo ng sorry, eh, di ’wag.* Siya na nga ang nasaktan at nag-sorry, siya pa ang sinungitan. Nanggigigil na sinundan niya ng tingin ang malapad na likod ng lalaking nakabungguan niya. Nag-make face siya rito.

“Darren! Come back here!”

Napalingon siya sa tumawag—isang matandang lalaki na nakasuot ng amerikana pero punung-puno pa rin ng awtoridad ang tila humahabol sa antipatikong lalaki.

“Darren!” muling tawag ng matanda. Sa pagkakataong iyon ay lumingon na ang lalaki.

Natigilan siya at nanlaki ang mga mata.

“Ikaw!” nakaturong sabi niya sa lalaki at mabilis pa sa alas-kwatrong lumakad palapit dito.

Dumako sa kanya ang tingin ng lalaki. Nakakunot-noo ito habang papalapit siya.

“Ikaw nga!” aniya nang tuluyang makalapit dito. Hindi siya maaaring magkamali dahil tandang-tanda niya ang guwapong mukha nito.

*Erase, erase, erase! Hindi siya guwapo!* Sinaway niya ang sarili sa mga naiisip.

“Excuse me. Do I know you?” Lalong lumalim ang pagkakakunot ng noo ng lalaki.

She smirked. “Hoy, mister! Gargas na ang linyang ’yan. Kunwari di mo ako kilala. Di mo magagamit sa ’kin ang mga ganyang alibi.”

He looked at her from head to toe. Pagkatapos ay tila nababagot itong tumitig sa kanya. Then he looked at his wristwatch. “Look, I don’t have time for you.”

Tatalikuran na dapat siya nito pero mabilis niya itong nahawakan sa braso.

“Hindi ka puwedeng umalis hangga’t hindi mo nababayaran ang atraso mo sa ’kin!”

“Hey!” Yamot na ipiniksi nito ang braso nito dahil para mabitiwan niya ito at bahagya siyang mapaatras.

“Darren!” Mabilis na lumapit sa kanila ang matandang lalaki na kanina ay tumatawag dito. “What is this all about? Who is this girl? Anong atraso ang sinasabi niya? Isa na naman ba ito sa mga babaeng niloko mo?”

Hinarap siya ng matanda. “Hija, ano’ng ginawa sa ’yo ng apo ko?”

“Look, wala akong ginawa sa kan—”

“Tinakasan niya po ako,” mabilis na sumbong niya sa matanda. “Matapos niyang magpakasarap, bigla na lang siyang nawala.”

Parehong gulat na napatingin sa kanya ang dalawa. Pagkatapos ay pinukol ng matanda ng masamang tingin ang apo.

“Hey, I didn’t do anything wrong. Lolo, sa tingin mo ba papatulan ko iyan?” Tumingin pa ang lalaki sa kanya na tila hindi siya nito masikmura.

Napanganga si Sasha. Maganda kaya siya. Iyon ang laging sinasabi ng tatay niya.

“H-hija, are you p-pregnant?” tila kinakabahang tanong sa kanya ng matanda.

Natigilan siya. *A-ano raw?*

Nabingi yata siya sa narinig. Buntis? *Sinong buntis? Ako? No way!*

Akala ba ng matanda ay tinakasan siya ng lalaki dahil nabuntis siya nito? Gusto niyang matawa nang malakas.

“Naku! Hindi po.” Ikinaway-kaway niya ang mga kamay. “Mali po kayo ng iniisip. Conservative po ako. May taste din po ako. Medyo busog lang

po ako, pero hindi po ako buntis.” Tumaas ang kilay ni Darren sa sinabi niya. “Tinakasan niya po ang utang niya sa ’kin.”

“Utang?” naguguluhang tanong ng matanda.

“Mahaba pong kwento. Pero waitress po ako sa restaurant na kinainan niya. At matapos niya pong kumain, umalis siya nang hindi nagbabayad. At kinailangan ko pong mag-abono kundi patay ako sa amo ko. Kaya narito po ako para singilin siya.” Humarap siya kay Darren. “Hindi ba sa ’yo ito?” Ipinakita niya ang wallet na nahulog nito.

Mabilis nitong hinablot ang wallet pagkatapos ay tiningnan nito ang laman niyon. “Bakit nasa ’yo ito?”

“Nahulog mo sa restaurant. May wallet ka nga, wala namang lamang pera.” Iniaro niya ang palad dito. “Magbayad ka na.”

Yamot itong tumingin sa kanya. Sa hitsura nito ay mukhang wala itong balak bayaran siya. Mukha pang hindi ito naniniwala na may utang ito sa kanya. Pero mayamaya ay dumukot ito sa bulsa nito at inilagay sa kamay niya ang ilang lilibuhin. Nanlaki ang mga mata niya sa dami niyon. Sobra-sobra pa iyon sa utang nito sa kanya.

“Umalis ka na. At huwag ka nang babalik. Kung

makasugod ka dito, akala mo naman napakalaki ng utang ko. Alam ko ang modus operandi ninyo. Kapag bumalik ka pa, ipapakaladkad na kita sa security guard.” Pagkasabi niyon ay agad na siya nitong tinalikuran.

“Aba’t ang bastos talaga,” panggagalaiti ni Sasha. “Teka lang!”

Magkasalubong ang mga kilay na muli siyang nilingon nito. “Kulang pa ba ang ibinigay ko sa ’yo? Magkano ba ang kailangan mo? Sabihin mo na para makaalis ka na.”

Inihampas niya ang pera sa dibdib nito. “Iyan ang labis sa perang ibinigay mo. Hindi ko kailangan ang pera mo. Ang kailangan ko lang bayaran mo ang utang mo. Simpleng paumanhin lang ang inaasahan ko mula sa ’yo. Pero ang laitin ang pagkatao ko, hindi ko mapapalampas iyon. Pinaghihirapan ko ang bawat perang mayroon ako. Palibhasa kayong mga rich kid, hindi n’yo alam ang hirap para kumita ng pera. Palibhasa ang alam mo lang ay ang gastusin ang pera ng mga magulang mo. Wala akong dapat ikahiya sa ’yo. Ikaw ang dapat mahiya.” Galit talaga siya. Inis at galit ang nararamdaman niya ngayon.

Kita niya ang pagkatigagal nito. He gritted his teeth.

“Leave. Now!” mariing sabi nito habang nakaturo sa elevator. Mukhang nagalit ito sa mga sinabi niya.

Pero wala siyang pakialam. Tama lang ang mga sinabi niya. Inirapan niya ito bago ito tinalikuran. Bayad na ito kaya wala na siyang kailangan pa rito. Humingi muna siya ng paumanhin sa lolo nito bago tuluyang umalis.



Nasa kitchen si Sasha ng Italian restaurant na pinagtatrabahuan niya nang pumasok doon si Miss Verna, ang boss niya. Nasa mukha nito ang pagtataka nang lumapit ito sa kanya. Agad siyang kinabahan. Mukhang may nagawa yata siyang mali at pagagalitan siya nito. Ubod pa naman ito ng sungit.

“Ayan na si Miss Minchin. Magpapabalat na naman ng patatas,” bulong ni Yzzy sa kanya.

“Sasha, may naghahanap sa ’yo sa labas. Siya daw ang presidente ng *Santillan Steel and Construction Company*.” Tiningnan siya ni Miss Verna nang may pagdududa. “Paano ka nakakilala ng mayamang tulad n’un?”

Maging siya ay nagtaka rin. Bakit naman siya pupuntahan ng presidente ng isang kompanya? Wala rin siyang matandaang nag-apply siya ng

trabaho roon. Pero parang narinig na niya ang kompanyang iyon.

Mabilis siyang lumabas ng kitchen. Sandaling natigil siya sa paghakbang nang makita kung sino ang taong naghahanap sa kanya. Napakagat-labi siya. Ito ang matandang lalaking naroon nang komprontahin niya si Darren. Ito ang lolo ng lalaki!

*Kung ganoon, siya pala ang presidente ng kompanya. Patay!*

Nahihiyang nilapitan niya ang matanda. Nang tumingin ito sa kanya ay agad siyang nagyuko ng ulo.

“Sorry po, Sir. Hindi ko po sinasadyang sigaw-sigawan ang apo ninyo,” agad na paumanhin niya. “May pagkaantipatiko lang po talaga siya at hindi ko napigilang ipagtanggol ang sarili ko. Pero—”

Natigil siya sa pagpapaliwanag nang marinig na tumawa ang matanda. Nang tumingin siya rito ay nakita niya ang amusement sa mukha nito.

“Hija, hindi ako galit sa ’yo. Ang totoo natutuwa ako sa ginawa mo. Maupo ka. May gusto sana akong ipakiusap sa ’yo.”

Nagtataka man ay sumunod siya sa sinabi nito.

“Do you want anything to eat?” alok nito sa kanya.

Umiling siya. “Huwag na po.” Pasimple siyang tumingin sa kitchen. Kita niyang nakamasid sa kanila si Miss Minchin.

“Bueno, hija, I’ll be direct to the point. I came here to see you and offer you a job in my company.”

Gulat siyang napatingin sa matanda.

“T-trabaho po?”

“Yes, hija,” nakangiting tugon nito.

“Talaga po? Ano pong trabaho?”

“Secretary.”

Nanlaki ang kanyang mga mata. Matutuwa na sana siya nang maalala niyang hindi siya tapos ng pag-aaral. Huminto kasi siya nang magkasakit ang ama.

“Pero undergraduate pa po ako. Baka hindi po ako qualified sa posisyong iniaalok ninyo.”

“I think you are very qualified for the position.”

“Talaga po? Kayo po ba ang magiging boss ko?”

Umiling ito. “You will be the secretary of my grandson Darren.”

Muntik na siyang masamid sa sinabi nito.



Magiging secretary siya ng ungas na iyon? No way! Para na rin siyang nagpakamatay kapag pumayag siya.

Mukhang nahulaan ng matanda ang nasa isip niya kaya agad itong nagsalita. “You will be well-compensated. Bibigyan kita ng malaking sweldo. I can see na ikaw ang nababagay na secretary sa kanya.”

Napangiwi siya. “Pero bakit po ako? Hindi po kami magkakasundo ng apo ninyo. Pasensya na po, pero hindi ko kayang tiisin ang ugali niya. Baka lagi lang po kaming mag-away.”

*Baka masapak ko lang siya, dugtong ni Sasha sa isip.*

“That’s the very reason kung bakit ikaw ang gusto kong maging secretary niya. Dahil hindi ka takot na pagsabihan siya ng mga mali niya. I believe you can change him for the better.”

Hindi siya nakaimik. Naguguluhan pa rin siya. Paano niya magagawang baguhin ang lalaking iyon? Sa tingin niya ay hopeless case ito. Miss Minchin times ten yata ang ugali nito.

“Triple ng kinikita mo rito ang ipapasweldo ko sa ’yo. Please accept my offer, hija,” pakiusap ng matanda.

Nanlaki ang mga mata niya. His offer was

very tempting. Malaki ang maitutulong niyon sa pagpapagamot ng kanyang ama. Baka next year ay maipagpatuloy na rin niya ang pag-aaral. Hindi na rin niya maririnig ang araw-araw na pagtalak ni Aling Tale dahil makakabayad na siya ng renta sa bahay sa tamang oras. Malapit na talaga siyang um-oo sa alok ni Don Marcelo. Kaya naman siguro niyang tiisin ang ugali ng apo nito. Iisipin na lang niya ang perang kikitain niya tuwing makikita niya ang pagmumukha ng lalaki. Iisipin na lang niya na kamukha ito ni *Ninoy*. Napangiti siya.

“Tinatanggap ko na po ang alok ninyo.”

Napangiti ang matanda sabay gagap sa kamay niya. “Thank you, hija.”



Nang araw ring iyon ay nag-resign siya sa trabaho niya sa restaurant. Nagtaka man si Miss Verna ay wala itong nagawa kundi ang payagan siya. Isa pang advantage ng pagtanggap niya sa alok ni Don Marcelo ay hindi na niya maririnig pa ang pagtataray ni Miss Verna sa kanya.

Inalok pa siya ng matanda na ihahatid sa kanyang tinitirhan bilang tanda ng pasasalamat sa kanya. Noong una ay tumanggi siya dahil nahihya siya, pero nang magpumilit ito ay

pumayag na rin siya. First time niyang makasakay sa ganoon kagarang sasakyan. Pakiramdam niya ay anak siya ng presidente ng Pilipinas.

“Pasensya na po kayo sa lugar namin, Don Marcelo. Mukha lang pong magulo rito, pero mababait naman po ang mga tao,” aniya nang madaanan nila ang isang grupo ng mga lasing na malakas na nagkakantahan sa tapat ng isang tindahan.

Tumawa ang matanda. “Ayos lang, hija.”

“Dito na po ang bahay na tinutuluyan ko.”

Huminto ang kotse sa tapat ng isang bahay na yari sa kahoy. Iyon ang boarding house na tinutuluyan niya sa kasalukuyan. Wala na kasi silang bahay. Naibenta nila iyon nang magkasakit ang kanyang ama kaya nagkakasya na lang siya sa maliit na kuwartong inuupahan. Bago maconfine ang kanyang ama ay may nirentahan silang bahay na malapit doon, pero naghanap siya ng mas mura at pang-isahan nang mapagtanto na magtatagal ito sa ospital.

Tumingin ang matanda sa labas ng bintana ng kotse na tila tinatantya ang paligid. Pagkatapos ay humarap ito sa kanya.

“Ayos ka lang ba dito?”

Ngumiti siya. Medyo magulo sa kanilang

lugar, pero wala siyang choice dahil wala siyang perang pambayad sa mas maayos na bahay.

“Okay lang po. Mauuna na po ako. Marami pong salamat sa paghahatid at sa bago kong trabaho,” sabi niya.

Bumaba na siya ng sasakyan. Saktong pagbaba niya ay lumabas mula sa gate ng boarding house ang kanyang landlady. Inihagis nito sa tapat niya ang isang malaking maleta. Bahagya pa iyong nakabukas kaya naglaglagan ang mga damit na laman niyon at kumalat sa kalsada.

“Hoy, Sasha! Iyan na ang mga gamit mo. Lumayas ka na sa bahay ko. Aba, ilang buwan ka nang hindi nagbabayad ng upa dito. Negosyante ako, hindi charity institution,” malakas na sigaw ni Aling Tale sa kanya.

“Aling Tale, huwag ninyo naman po akong palayasin. Pangako, magbabayad po ako sa inyo. Pero hindi pa ngayon, next month po. Promise.”

“Promise, promise. Aba, puro ka na lang pangako, Sasha. Ah, basta, kung hindi ka magbabayad ngayon, lumayas ka na,” sabi nito at pinagsarhan siya ng gate.

Naiwan siyang nakatayo sa tabing-kalsada. Wala na siyang nagawa kundi ligpitin ang mga

nagkalat niyang damit at gamit at isa-isang inilagay ang mga iyon sa loob ng maleta. Gusto niyang maiyak. Naaawa siya sa sarili. Para siyang aso na itinapon sa kalye. Saan siya titira ngayon? Wala pa naman siyang kapera-pera. Kabibili lang niya ng mga gamot ng kanyang itay.

Naramdaman niya ang pagpisil ng isang kamay sa kanyang balikat. Mabilis niyang pinahid ang namumuong luha sa kanyang mga mata.

Paglingon ni Sasha ay nagulat siya nang makitang nakatayo sa likuran niya si Don Marcelo. Ang akala niya ay kanina pa ito nakaalis. Parang gusto nang tuluyang tumulo ng kanyang luha. Nakakahiyang nakita pa nito ang nangyari sa kanya.

“Hija, are you all right?” nag-aalalang tanong nito.

Pilit siyang ngumiti. “Okay lang po.”

“Saan ka ngayon pupunta? May matutuluyan ka ba?”

“Ah...” Wala siyang maisagot.

“Halika.” Iginiya siya nito papasok sa kotse. “May alam akong puwede mong matirhan.”

“Po?” takang tanong niya rito.

“Ituring mo na lang na isa ito sa benefits

---

ng trabaho mo. You can live in my house,”  
nakangiting sabi nito.

# Chapter Three



Tiningnan ni Darren ang suot na wristwatch saka tumingin sa entrada ng restaurant bar na kinaroroonan niya. Wala pa rin ang kanyang hinihintay. Muli siyang sumimsim sa baso ng alak na inorder niya.

Tinawagan siya ni Samantha kung puwede silang magkita. Pagkatapos ng motor race nila kung saan siya ang nanalo ay dumerecho na siya sa bar na ito.

He couldn't say no to Samantha. Spoiled ito sa kanya. Kahit noong mga bata pa sila ay prinsesa na ang turing niya rito.

“Hi, handsome? Do you mind if I share this table with you?”

Umangat ang tingin niya sa nagsalita. Malapad siyang napangiti nang makita ang magandang mukha ng kababata. Agad siyang tumayo at ipinaghila ito ng upuan.

“You’re late,” nakangiting sita niya.

Tinawanan lang siya ni Samantha. Wala sa sariling napatitig siya sa mukha nito. Lalo itong gumanda mula nang huli silang magkita three years ago. Pumunta ito ng France para magmodelo. Natatandaan pa niya nang magpaalam ito sa kanya. Iyon sana ang gabing magtatapat na siya ng tunay niyang nararamdaman para rito. Pero hindi iyon natuloy nang makita niya kung gaano ito kasaya habang ibinabalita sa kanya na matutupad na ang pangarap nito na maging isang sikat na modelo. He didn’t want her to leave. But he also couldn’t allow his feelings to stop her from pursuing her dreams. At nagtagumpay ito. Now, she’s one of the most sought-after international models.

Ilang taon siyang naghintay sa pagbabalik nito. Iyon ang mga panahong pakiramdam ni Darren ay walang nakakaintindi sa kanya. She was the only person who could understand him. Kaya ngayong narito na ulit ito, hindi na niya hahayaan pang mawala ito sa kanyang tabi.



“What?” kunot-noo pero nakangiting tanong ni Samantha sa kanya.

He gave her a playful smile and pinched her nose. Tinapik nito ang kamay niya.

“Hey, don’t do that. I’m not a kid anymore.”

“I can see that,” aniyang tiningnan ito mula ulo hanggang paa.

Natatawang hinampas siya nito sa braso.

“So, how are you? How have you been for the last three years?” tanong ni Samantha sa kanya.

Nagkibit-balikat siya. “I’m okay, I think. Ikaw, how are you? Na-miss mo ba ako?” Pilyo niya itong nginitian.

Muli itong tumawa. “Of course, I missed you.” Malapad siyang napangiti. Napuno ng tuwa ang puso niya. “I missed my big brother.”

Agad nabura ang ngiti ni Darren. Parang may mabigat na bagay na dumagan sa dibdib niya. Hanggang ngayon pala ay kapatid pa rin ang tingin nito sa kanya. Kailan ba siya nito makikita nang higit pa sa isang kapatid? Kailan ba nito mapapansin na mahal niya ito? Not as a friend but as a man who loves a woman.

“Hey!” Napatingin siya kay Samantha nang itaas nito ang kamay na tila may tinatawag ito.

Nang lumingon siya sa tinitingnan nito ay

agad siyang napakunot-noo nang makita ang pinakahuling taong gusto niyang makita.

*Damn!*

Si Harry.

Nang tuluyang makalapit sa kanila si Harry ay masuyo nitong hinalikan sa pisngi si Samantha. Lihim niyang naikuyom ang mga palad.

“I invited him. I wanted to see you both,” sabi ni Samantha.

“It’s good to see you, Darren,” sabi ni Harry.

Hindi siya kaagad nakapagsalita. Bahagya siyang nagulat na makita ang half-brother. Hindi niya alam na nakauwi na pala ito mula sa America. Nagtungo ito roon para mag-aral.

“Kailan ka pa nakauwi?” sa halip ay tanong niya sa kapatid.

“Since last week. Naging busy lang ako kaya hindi kita nasabihan. How are you? I heard you got the Marketing Manager post,” ani Harry.

Nagkibit-balikat lang siya saka muling uminom ng alak. Ilang saglit pa ay pakiramdam niyang out-of place na siya. Sammy’s attention was on Harry. Panaka-naka ay kinakausap din siya nito, pero hindi niya maiwasang mapansin ang kislap sa mga mata ng kababata kapag tumitingin ito sa kapatid niya. Noon pa man ay

alam na niya ang damdamin ni Samantha para kay Harry. Hindi niya makakalimutan ang gabing ipinagtapat sa kanya ni Sammy that she's in love with his brother. That was the day his heart died.

Masakit iyon para sa kanya. Ang malamang in love sa iba ang babaeng gusto niya. Hindi niya alam kung ano ang mayroon si Harry na wala siya. Kung tutuusin ay mas maasikaso siya kay Sammy kumpara kay Harry. Lagi siyang naroon sa tabi ng dalaga tuwing kailangan siya nito. And he'd never hurt her like Harry always did. Kung kapatid ang turing sa kanya ni Sammy, ganoon din ang turing ni Harry rito.

Ilang oras pa ay nagpaalam na si Sammy na uuwi na.

“Ihahatid na kita,” alok niya rito.

Umiling ito. “Kay Harry na lang ako sasabay. Masyadong out of the way kung ihahatid mo pa ako. Magkita na lang ulit tayo.”

Malungkot na sinundan niya ng tingin ang babaeng mahal niya kasama ang lalaking mahal nito habang papalayo ang kotseng sinasakyan ng dalawa.



Pabagsak na humiga sa malaking kama si Sasha saka nagpagulong-gulong doon.

Napakalambot talaga ng kama at ngayon lang siya nakahiga sa tulad niyon. Pakiramdam niya ay maninibago siya. Sanay kasi ang likod niya sa matigas na papag. Feeling niya ay isa siyang prinsesa ngayon. Paano ba naman ay parang mansion sa laki ang bahay na tinitirhan niya.

Muntik pa nga siyang maligaw kanina sa paghahanap sa banyo. Ang dami kasing kuwarto sa bahay na ito. Wala siyang nakitang ibang nakatira roon bukod kay Don Marcelo at sa mga kasambahay na may sariling maids' quarters. Napaisip tuloy siya kung gaano kahirap linisin ang buong bahay. At ang bawat kuwarto ay mas malaki pa kaysa sa boarding house ni Aling Tale. Ang dami pang mamahaling vase. Ingat na ingat tuloy siya sa pagkilos at baka makabasag pa siya. Baka kulang ang isang taon niyang pagsisilbi para makabayad.

“Hay, ang swerte mo, Sasha,” aniyang mahigpit na niyakap ang malambot na unan. “Kaya dapat pagbutihin mo ang trabaho mo.” Napangiti siya. “Saan ka pa makakakuha ng ganito kagandang benepisyo?” patuloy niyang kausap sa sarili.

Muling inilibot ni Sasha ang tingin sa buong kuwarto na ayon kay Don Marcelo ay ariin na

niyang kanya. Para siyang nasa isang magandang panaginip at ayaw na niyang magising pa. Muli siyang nagpagulong-gulong sa kama. At nahulog sa sahig.

“Aray!” daing niya. Hinaplos niya ang nasaktang balakang. Bumangon siya at umupo sa kama saka pinagalitan ang sarili sa sobrang ka-clumsy-han.

Medyo napalakas yata ang bagsak niya kaya nagpasya siyang lumabas ng kuwarto para kumuha ng mainit na tubig na gagamitin niya sa hot compress na ilalapat sa nananakit na balakang.

Madilim na ang buong kabahayan. Pasado alas doce na at malamang ay tulog na ang lahat. Dahan-dahan siyang naglakad habang kinakapa ang switch ng ilaw sa dingding. Nakarating na siya sa hagdan ay wala pa rin siyang nakakapang switch.

*Nasaan na ba 'yun?*

Maingat ang bawat hakbang na bumaba siya ng hagdan. Mahirap na at baka madoble pa ang sakit ng kanyang katawan.

Nang makarating sa unang palapag ng bahay ay tinunton naman niya ang daan papuntang kusina. Kapa rito, kapa roon. Mabuti na lang

at may kaunting liwanag na tumatagos sa mga bintana mula sa mga ilaw sa labas. Kanina ay tinandaan na niya ang daan papuntang kusina nang maligaw siya sa paghahanap sa banyo. Nang makarating sa kitchen ay agad niyang nilapitan ang water dispenser at kumuha ng mainit na tubig. Inilagay niya iyon sa dalang basyo ng mineral water bottle para gawing improvised hot compress saka nagpasyang bumalik na sa kanyang silid.

Nasa sala na siya ng malaking bahay nang may marinig siyang kaluskos. Kasunod niyon ay parang may nagbubukas ng malaking pinto ng mansion. Natigil siya sa paghakbang saka pinakiramdaman ang paligid. Saka niya narinig ang pag-click ng doorknob, palatandaang nabuksan na iyon. Tumambol sa kaba ang kanyang dibdib.

*May magnanakaw!* tili ng kanyang isip. Dapat ay sumigaw siya, pero tila nalulon niya ang dila sa sobrang takot.

*Ano ang gagawin ko?* Natataranta, inilibot niya ang paningin sa buong sala. Nabanaag niya sa dilim ang isang wood carving. Agad niya iyong dinampot. Subukan lang ng magnanakaw na ito na pumasok sa mansion. Hahampasin niya ito

nang malakas.

Narinig niya ang pagpihit ng doorknob. Unti-unting bumukas ang pinto at nakita niya ang pigura ng isang matangkad na lalaki roon. Nang humakbang ito papasok ay mabilis niya itong hinampas ng hawak. Tinamaan ito sa balikat nito at malakas na napadaing sa sakit.

“Shit! Shit!” malakas ng mura ng lalaki habang sapo ang parteng hinampas niya.

Dahil sa lakas ng sigaw nito ay nagising ang mga katulong at sumugod sa sala. Suddenly, all the lights were on.

Nakita niyang nakaluhod ang lalaki sa sahig habang sapo ang nasaktang balikat. Pupukpukin pa sana niya ito nang isa pa nang sumigaw si Manang Deli, isa sa mga katulong na nakilala niya kanina.

“Sir Darren! Ano’ng nangyari sa inyo?” Mabilis na lumapit si Manang Deli sa lalaki at inalalayan itong makatayo.

*Darren daw?* Napaisip siya.

“That damn woman!” Galit na itinuro siya ng lalaki.

Nanlaki ang mga mata niya nang humarap sa kanya ang lalaki. Nanlaki rin ang mga mata ni Darren. Marahil ay nagulat na makita siyang

naroon. Nabitiwan niya ang hawak na wood carving.

*Patay!* kagat-labing aniya sa isip.



“I don’t want her in this house!” malakas ang boses na sabi ni Darren. Palakad-lakad ito na tila nanggigigil sa kanya. Muli siya nitong tinapunan ng masamang tingin.

Nakaupo si Sasha sa sofa na parang batang napagalitan. Napayuko siya at napakagat-labi. Kung sa ibang pagkakataon ay hindi niya hahayaang sigawan siya nito. Pero alam niyang may kasalanan siya. Siguradong nagpasa ang balikat nito.

“Darren, she didn’t know it was you. Nabahala lang si Sasha na baka magnanakaw ka. Hindi niya alam na ikaw ang dumating,” paliwanag ni Don Marcelo.

“Lolo, hindi mo alam ang ginawa sa ’kin ng babaeng iyan. She almost broke my shoulder. At kung hindi pa siya napigilan ni Manang Deli, baka napukpok pa niya ako sa ulo. She almost killed me.”

“Kill agad? OA naman,” hindi niya napigilang komento. Mas tumalim ang tingin ni Darren sa kanya. Muli siyang napayuko.



“Napagkamalan mo lang ba talaga akong magnanakaw o ikaw talaga ang magnanakaw?” patuyang tanong ni Darren sa kanya.

Napatingin siya rito. Hindi siya makapaniwala sa sinabi nito. She clenched her jaw. Ang kapal ng mukha nitong pagbintangan siya!

“Why in the first place are you awake in the middle of the night? Isinasakatuparan mo ba ang plano mong pagnanakaw? At nagkataong dumating ako. And then you hit me, not to protect everybody, kundi para makatakas ka.”

“A-ano?” Tila nagpanting ang kanyang tainga sa narinig mula rito.

“Ang galing mo din, ano? Matapos mo akong kunan ng pera ay hindi ka pa nakontento. Pati lolo ko ay balak mo pang lokohin. Ano ba talaga’ng gusto mo?”

“Ano’ng gusto ko? Gusto kong bawiin mo ang mga sinabi mo!” Napatayo siya sa sobrang inis na nararamdaman. Humihingal siya sa sobrang galit dito. She thought she could not hate him more until now.

“I won’t. Just leave before I call the police,” matigas na sabi nito.

“Hindi mo na ako kailangan pang palayasin dahil aalis na talaga ako. Hindi ko kayang

makasama ang isang tulad mong makitid ang pag-iisip. Hindi lahat ng mahirap ay magnanakaw. Kahit mahirap ako, hindi kaya ng konsyensya ko na mang-agrabyado ng ibang tao. Kahit sa kalye ako matulog o kahit kumain ako ng tira-tirang pagkain, okay lang. Pero hindi ko magagawa ang ibinibintang mo. Kung may masama sa ating dalawa, hindi ako iyon. Bakit hindi mo tingnan ang sarili mo? Tama ako, hopeless case ka na talaga,” aniya at mabilis itong tinalikuran.

Ang akala niya ay kaya niya itong pakisamahan pero mali siya. Masyadong mababa ang pagkakakilala nito sa kanya at hindi niya kayang sikmurain ang mga panlalait nito. Apologetic siyang tumingin kay Don Marcelo. Sasha knew the old man would be disappointed. Saka na lang siya magpapaliwanag dito. Siguro naman ay maiintindihan nito ang desisyon niya.

Kung bakit kasi ni katiting na kabaitan ay wala yatang namana ang apo nito rito. Kung anong bait ni Don Marcelo ay siyang sama ng ugali ng apo nito. Guwapo nga ang Darren na ito, pero ang sama talaga ng ugali.

Mabilis niyang tinungo ang hagdan papunta sa silid na inookupa niya. Pagpasok ay agad

niyang kinuha ang kanyang maleta at inilagay roon ang lahat ng kanyang gamit. Hindi niya alam kung saan siya tutuloy. Siguro ay sa ospital na lang. Ang masama pa, nag-resign agad siya sa restaurant. Pero di bale, may isa pa naman siyang sideline. Napabuntong-hininga siya. Bahala na. Sigurado siyang malalampasan din niya ang lahat ng ito.



Natigil sa paghakbang pababa ng hagdan si Sasha nang makita sa puno niyon ang nakatayong si Darren. Nakapamulsa ito habang nakatingin sa tiled na sahig. Tila may malalim itong iniisip. Napaismid siya saka mabilis na itinuloy ang pagbaba habang bitbit ang maleta.

Lalampasan na sana niya ito nang pigilan nito ang kamay niyang nakahawak sa kanyang maleta. Awtomatikong napatingin siya rito.

“Ano? Kulang pa ba ang mga panlalait mo sa ’kin? Kapag hindi mo ako binitawan, ihahampas ko sa ’yo itong maleta,” inis na sabi niya.

Mabilis nitong binitawan ang kamay niya. Ipinagpatuloy niya ang paglalakad.

“Don’t go. Please stay,” mahinang sabi nito na halos hindi niya narinig.

Natigilan siya. Tama ba ang narinig niya

o guni-guni lang niya iyon? Pero wala na ulit sinabi si Darren kaya inisip niyang baka nagkamali lang siya ng dinig. Nagpatuloy siya sa paglalakad. Malapit na siya sa pinto nang muli itong magsalita.

“Bingi ka ba? Ang sabi ko, ’wag kang umalis.”

Tuluyan na siyang napatigil saka ito nilingon. May himala ba galing sa langit at ayaw na siya nitong paalisin? Was it the end of the world?

“Ano’ng sabi mo?” tanong niyang hindi makapaniwala.

“Bakit ba ang bingi mo?”

Inis na tinalikuran niya ito. Nilalait na naman siya ng lalaking ito. Bakit ba kinakausap pa niya ito?

“Okay, okay. I said, don’t go. I want you to stay here.”

Muli niya itong hinarap saka tumawa nang pagak.

“At bakit mo naman naisip na mananatili pa ako sa bahay na ito matapos mong laitin ang pagkatao ko?”

Napapikit si Darren saka bumuntong-hininga. Tila nauubusan na ito ng pasensya sa kanya. “Ano ba ang kailangan kong gawin para hindi ka umalis?”

Napatitig siya rito. Seryoso ba talaga ito? Sa hitsura nito ngayon ay tila maraming lakas ng loob ang inipon nito para masabing huwag na siyang umalis. Gayunpaman ay hindi na magbabago ang isip niya. Aalis na talaga siya.

“Bawiin mo ang lahat ng sinabi mo sa ‘kin. Mag-sorry ka,” aniya dahil alam niyang hindi nito kayang gawin iyon. She was very sure he didn’t know the word ‘sorry’. Mas pipiliin pa siguro nitong tumalon sa bangin kaysa mag-sorry sa kanya. Masyado itong ma-pride para mag-apologize sa kanya.

“I’m sorry,” nakayukong sabi nito.

Gulat siyang napatingin dito. Napakurapkurap pa siya dahil hindi siya makapaniwala. Mahina lang ang pagkakasabi nito, pero tumagos iyon sa kanyang puso. Para sa kanya ay ito na ang pinakamasamang lalaki sa mundo. Pero bakit parang sincere ang dating sa kanya ng sorry nito? Pakiramdam niya ay naglaho ang lahat ng inis niya rito. Gusto niyang mapangiti. Marunong din palang mag-sorry ang isang halimaw.

“So, hindi ka na aalis? Nag-sorry na ako. Ginawa ko na ang gusto mo. Don’t go back on your word. Don’t go,” sabi ni Darren.

Napabuntong-hininga siya. Bakit ba niya

naisip na sincere ito? Wala sa bokabularyo nito ang salitang 'sorry'. Dapat na siyang umalis para ipamukha rito na hindi pa siya nababaliw. Pero isang bahagi ng puso niya ang pumipigil sa kanya. Paano na lang ang kanyang tatay kapag inuna niya ang pride niya?

“Sige, hindi na ako aalis. Pero oras na laitin mo ulit ang pagkatao ko, lahat ng display dito ihahampas ko sa 'yo.”

Nasuklay ni Darren ang buhok. “Sige na, ibalik mo na sa kuwarto ang gamit mo. Bukas ay maaga kang gigising. You shouldn't be late on your first day of work.”

Hindi na siya nakapag-react dahil mabilis itong umalis sa kanyang harapan. Wala siyang nagawa kundi sundan ito ng tingin habang paakyat ito ng hagdan. She would stay. Hindi dahil sinabi nito kundi para kay Don Marcelo at sa kanyang ama.

*Ano kayang masamang hangin ang nalanghap ng lalaking 'yun?* Napakibit-balikat na lamang si Sasha bago muling tinungo ang daan pabalik sa kanyang kuwarto.

# Chapter Four



**M**aagang nagising si Sasha kinabukasan. Ito ang unang araw niya sa trabaho kaya dapat magpa-impress siya. Tiningnan niya ang sarili sa salamin at natuwa sa nakita roon. Isinuot niya ang kanyang pinakamagandang damit dahil naalala niyang sosyal ang suot ng mga nagtatrabaho sa kompanya nina Darren. Pagkatapos ay nagmamadali na siyang bumaba patungo sa komedor. Nakasalubong niya si Manang Deli.

“Ang ganda mo ngayon, Sasha,” bati nito sa kanya.

“Naku, Manang Deli, araw-araw naman po akong maganda. Mas maganda lang po

ngayon,” pabiro niyang sabi rito. At sabay silang nagtawanan.

Pagpasok niya sa dining room ay sinalubong siya ng nakangiting mukha ni Don Marcelo. Nakasuot na ito ng amerikana. Agad siyang umupo sa harap ng mesa at binati ang matanda.

Ilang minuto pa ay dumulog na rin sa mesa si Darren. Natigilan si Sasha nang makita ito. He looked so handsome. Bagay na bagay rito ang white long sleeves na suot nito. Lalo siyang nataranta nang umupo ito sa tapat niya. She could smell his manly scent. Hindi tuloy siya mapakali sa upuan.

Binati nito ang lolo nito saka tumingin sa kanya.

Sinikap niyang tumingin dito nang derecho. Hindi nito puwedeng mahalata na kinabahan siya sa presensya nito.

Akala niya ay babatiin din siya ni Darren, pero dineadma lang siya nito. Di bale, mas interesado naman siya sa pagkain kaysa sa lalaking ito.

Maraming nakahandang pagkain sa mesa. Nalito tuloy siya kung ano ang uunahin. Naalala tuloy niya iyong mga panahong malakas pa ang kanyang itay. Ipinagluluto rin siya nito ng mga paborito niyang pagkain.



*Sana gumaling ka na, Itay. Ako naman po ang magluluto para sa inyo.*

Napangiti siya. Ngayong may maganda na siyang trabaho ay hindi na malabong mangyari iyon.

Kumuha si Sasha ng pancake, hiniwa, at isinubo ang piraso niyon. Napaungol pa siya sa sobrang sarap. Lahat ng nakahain ay masarap kaya sunud-sunod ang ginawa niyang pagsubo. Nakalimutan niyang nasa ibang bahay pala siya.

“Nakapagpahinga ka ba nang maayos, hija?” tanong ni Don Marcelo sa kanya.

Punung-puno ang bibig na napatingin siya sa don. Pinilit niyang lunukin ang laman ng bibig, pero hindi niya magawa. Halos masamid siya kaya mabilis na lang niya iyong nginuya. Nang mapatingin siya kay Darren ay nakita niyang natatawa ito.

“Masarap po ang tulog ko kagabi,” sagot niyang tiningnan nang masama ang tumatawa pa ring si Darren.

Nang matapos kumain ay agad siyang tumayo. Excited na siyang pumasok sa opisina. Aba, office girl na siya ngayon.

“Wait,” narinig niyang tawag ni Darren.

Nilingon niya ito. Tumitig ito sa kanya at

hinagod ang kanyang kabuuan. Nailang siya sa pagtitig nito.

“Don’t tell me na iyan ang isusuot mo sa opisina?”

“Ha? Bakit? Ano’ng problema sa suot ko?” takang tanong niya. Sabi nga ni Manang Deli, maganda siya ngayon.

“Look, you are going to the office and not to school. Mukha kang principal sa suot mo,” gusot ang ilong na sabi nito.

Napanganga siya sa narinig saka tiningnan ang sarili. Ano ba ang pinagsasabi ng mokong na ito? Ang ganda kaya ng suot niya. Cream long sleeves na naka-tuck in sa long black skirt na halos sumayad na sa lupa. Nagsuot pa siya ng eyeglasses for a ‘matalino’ effect.

“Hindi pangit ang suot ko. Wala ka lang fashion sense.” Inirapan niya ito na ikinatawa ni Don Marcelo.

Nakita niyang napailing si Darren bago inihagis sa kanya ang dala nitong attaché case. Mabuti na lang at mabilis ang reflexes niya kaya agad niyang nasalo iyon.

“Carry that,” utos nito.

“Ano? Secretary mo ako, hindi katulong. Bakit hindi ikaw ang magbitbit nito?” angal niya.

“Nakalimutan mo na bang ikaw ang dahilan kung bakit masakit ang balikat ko? Hindi ako puwedeng magbuhat ng mabigat dahil mapi-pressure ang balikat ko. Kaya ikaw ang magdala niyan, please?” tila nang-aasar na sabi nito at nagpatiuna na sa kanya.

*Nag-please nga, pero nang-aasar naman.*

Sinundan niya ito ng inis na tingin saka umakmang dadagukan ito.

“Kung itapon ko kaya ito sa basurahan?” bulong niya. Inis na sumunod na lang siya rito.



Todo ngiti si Sasha mula sa security guard ng kompanya hanggang sa mga taong nakakasalubong nila na bumabati sa don at kay Darren. Nakasunod lang siya sa mag-lolo hanggang sa bumaba sa ibang palapag ng building si Don Marcelo. Kumaway pa ito sa kanya bago tuluyang nagsara ang elevator at sila na lang ni Darren ang naiwan doon.

Nang muling bumukas ang elevator, sumunod siya kay Darren nang lumabas ito. Hindi niya mapigilang alalahanin ang pagtatagpo nila rito. Hanggang ngayon ay hindi pa rin siya makapaniwalang makakatuntong siyang muli sa kompanyang ito. At ngayon nga ay bilang

sekretarya na nito.

Hindi niya mapigilan ang sayang nararamdaman habang papunta sa magiging opisina niya. Nai-imagine na ni Sasha ang magandang opisina, ang magiging upuan niya na umiikot-ikot pa, at ang sarili niyang computer. Nangangarap pa siya when Darren suddenly stopped in front of a door. Napasubsob tuloy siya sa malapad na likod nito.

“Sorry,” aniyang nag-peace sign pa rito.

Tiningnan lang siya nito nang masama saka pinagpag ang likurang bahagi nito kung saan sumubsob ang kanyang mukha.

“Ang arte. Naghilamos naman ako,” inis na bulong niya. Binuksan nito ang malaking pinto at pumasok doon. Sumunod siya rito.

Namangha siya sa ganda ng opisina. Mula sa salaming dingding ay kitang-kita ang naglalakihang mga building sa labas at ang Manila Bay. Sa kanang bahagi ng silid ay may isang painting na animo ay mural sa laki. Mukhang gaganahan siyang magtrabaho rito.

“Ilagay mo na lang sa mesa ’yan,” turo nito sa attaché case na bitbit niya. Nagmamadaling inilapag niya iyon sa nag-iisang mesa roon.

“Ahm, nasaan pala ang mesa ko?” Inilibot

niya ang mga mata sa paligid.

“Doon ka sa labas. Nakita mo’yung reception area doon? Doon ang office mo. Now, go. Marami pa akong gagawin,” pagtataboy nito sa kanya.

Tinapunan niya ito ng inis na tingin saka ito tinalikuran. Parang bulang naglaho lahat ng mga ini-imagine niya kanina. Kahit kailan, isang malaking kontrabida ang lalaking ito sa buhay niya. Palabas na siya ng silid nang muli itong magsalita.

“I just have two rules for you. First, huwag kang basta papasok sa opisina ko unless I tell you. And second, huwag ka ring magpapapasok ng kahit na sino without my say so. Do you understand?”

“Kahit sino?” paninigurado niya. “Kahit ang lolo mo?”

“Oo nga. Kahit sino,” tila nauubusan ng pasensyang sabi nito.

“Yes, sir!” sagot niya at sumaludo pa rito. Napailing na lang ito saka bumuntong-hininga.

Lumabas na siya ng silid. Mas mabuti na rin siguro na hindi sila magkasama. At least, hindi niya ito makikita. Matatahimik ang buhay niya. She grinned.



Napapailing na sinundan ni Darren ng tingin ang papalabas na si Sasha saka napasapo sa kanyang ulo. Masakit sa ulo ang babaeng iyon. Masyadong makulit at maingay. At higit sa lahat ay hindi marunong matakot sa kanya. Ilang beses na ba siyang sinigawan nito? Bago niya ito nakilala, wala pang babaeng nakapagtaas ng boses sa kanya. Kakaiba talaga ito.

Kung hindi lang siya tinakot ng kanyang lolo na kapag hindi niya tinanggap ang posisyong ibinigay nito sa kanya sa kompanya at hindi napigilang umalis ng mansion si Sasha ay ipamamana nitong lahat kay Harry ang mga ari-arian nito ay hindi niya pipigilang umalis ng bahay ang babae.

Wala siyang pakialam sa mana. Kahit wala siyang manahin o kahit kanino pa ibigay ng kanyang lolo ang lahat ng pera at ari-arian nito ay wala siyang pakialam. Huwag lang kay Harry. Hindi siya makakapayag.

Hindi niya alam kung ano ang ipinakain ni Sasha sa lolo niya at kuhang-kuha nito ang loob ng abuelo. Pero kung hindi man siya ang magpapaalis sa babaeng ito ay gagawa siya ng paraan para ito na mismo ang kusang umalis sa buhay niya at ng kanyang lolo.



Napahinto si Sasha sa binabasang schedule of meetings ni Darren para sa araw na iyon nang mapansing hindi ito nakikinig sa kanya. Abala si Darren sa pagpindot sa cellphone nito. Kanina lang ay tumawag sa kanya si Don Marcelo para kumustahin ang apo nito. Sinabi niyang abala ang lalaki sa trabaho pero nang silipin niya si Darren sa opisina nito ay natutulog lang pala ito habang nakataas pa ang dalawang paa sa mesa.

Samantalang siya ay binigyan nito ng sandamakmak na trabaho. Mukhang pinahihirapan talaga siya ng lalaking ito. Matapos niyang i-photocopy ang gabundok na papeles na mukhang hindi naman nito kailangan ay ilang beses pa siyang nagpabalik-balik dahil hindi nito gusto ang timpla niya sa kape. Halatang nananadya. But she would not give up. Kasingtatag yata siya ng puno ng kawayan.

Tumikhim siya nang malakas. Lumipat ang tingin ni Darren sa kanya.

“Tapos ka na ba?”

Tumaas ang isang kilay niya. “Kahit isa ba ay may naintindihan ka sa sinabi ko, Sir?” Idiniin pa niya ang huling salita.

“Cancel all my meetings for today. May importante akong pupuntahan.”

Magsasalita pa sana siya pero agad itong may kinausap sa telepono. Napailing na lang siya. Daig pa niya ang may inaalagaang bata sa sobra nitong pasaway. Ano kaya ang idadahilan niya sa mga ka-meeting nito? Mukhang kailangan niya itong gamitan ng kamay na bakal para magtino.



“Hi!”

Nag-angat si Sasha ng tingin mula sa pagkakasubsob niya sa dokumentong binabasa. Dahil natapos na niya ang mga iniuutos sa kanya ni Darren at mukhang natutulog na naman ito sa opisina nito ay nagbasa-basa na lang muna siya.

Isang babaeng sopistikada ang dating ang natunghayan niya. Maganda ito, parang isang artista at mukhang sosyal. Her alabaster skin seemed to be glowing. Biglang nahiya ang balat niya.

“Is that Darren’s office?” tanong ng babae, nakaturo sa pinto ng opisina ng boss niya.

“Yes, Miss,” sagot niya.

“May I see him?” tanong nito.

“I’m sorry. Pero nagbilin po siya na huwag magpapapasok ng kahit sino,” aniya, naalala



ang bilin ni Darren. Ang first rule: huwag magpapapasok ng kahit sino nang hindi nito sinasabi.

Kumunot ang makinis na noo ng babae.

“Can you tell him that I’m here? I’m Samantha del Rios.”

Bahagya siyang napakunot-noo. Parang pamilyar sa kanya ang pangalan nito, pero hindi niya maalala kung saan niya narinig.

“I’m really sorry, Miss. Pero sobrang busy talaga siya. Bumalik ka na lang siguro sa ibang araw.”

Sumimangot na nang tuluyan ang babae, pagkatapos ay walang sabi-sabing lumapit ito sa pinto ng opisina ni Darren.

Mabilis siyang kumilos para hadlangan ito sa binabalak. Gusto pa yata ng babaeng ito na masisante siya sa trabaho. Iniharang niya ang sarili sa tapat ng pinto para hindi ito makapasok.

“Get out of my way!” iritableng utos sa kanya ng babae.

“Sorry, Miss. Pero hindi talaga puwede.”

“I said, get out of my way!” muling utos nito sa mas malakas na tinig. Nagawa pa nitong kumatok sa pintuan ni Darren. Sinubukan niyang pigilan ito sa ginagawa pero makulit

talaga ang estranghera.

Mayamaya ay bumukas ang pinto ng opisina ni Darren. Iniluwa niyon ang inis na mukha nito.

“Ang kulit mo talaga, Sasha. I told you not to bother—”

“Not even me?” parang batang tanong ni Samantha rito.

Napatingin si Darren kay Samantha at agad nagbago ang ekspresyon ng mukha nito. Kung kanina ay nakasimangot, ngayon ay napakalapad na ng ngiti nito.

“Sammy! What a surprise!”

Niyakap ng babae si Darren. Awtomatikong nag-iwas siya ng tingin. Hindi niya alam kung bakit. Basta naiilang siya.

“Your secretary won’t let me in,” pagsusumbong pa ni Samantha.

Tumingin sa kanya si Darren. Nilabanan niya ito ng tingin.

“Sinunod ko lang ang sinabi mo, Sir,” pagtatanggol niya sa sarili.

Muling hinarap ni Darren si Samantha. “I’m sorry. Bago pa lang kasi ang secretary ko. Next time, she’d know what to do,” matamis ang ngiting sabi rito ni Darren na ginantihan din ng matamis na ngiti ni Samantha.

Napasimangot si Sasha at walang salitang tinalikuran na ang mga ito. Bumalik siya sa kanyang area. Wala na siya sa mood magtrabaho.



Inilibot ni Sasha ang tingin sa buong cafeteria. Puno iyon ng tao dahil lunchtime na. Kanina, ang akala niya ay sabay silang magla-lunch ni Darren. Pero nang magkasabay na lumabas ito at si Samantha ay na-realize niyang kakain siyang mag-isa. Ni hindi man lang siya nito tinapunan ng tingin nang dumaan sa harap ng table niya. Nakakainis talaga.

Nakakita siya ng isang pandalawahang table, pero may isang lalaki nang umookupa roon. She had no choice but to ask the man if he would be willing to share the table with her.

“Excuse me. Mag-isa ka lang?” tanong niya. Tiningala siya ng lalaki. Dahil doon ay napansin niyang guwapo pala ito. Singkit ang mga mata nito at mukha itong mabait base na rin sa maamong mukha.

Bahagyang kumunot ang noo nito. Mukhang hindi pa yata siya naintindihan. Baka Chinese ito at hindi marunong mag-Tagalog.

“May I share this table with you? There’s no other seat available aside from this one.” In-

English niya ito para maintindihan siya. Hindi na lang niya ito ulit kakausapin para hindi siya mag-nosebleed.

Sa pagkakataong iyon ay ngumiti ang lalaki at tumango. Umupo na siya at nagsimulang kumain. Pero parang nawalan siya ng gana. Iniisip niya kung saan nagla-lunch date ang dalawa.

*Bakit mo ba sila iniisip?* sita ng isang bahagi ng utak niya.

*Akala ko lang kasi makakalibre ako ng lunch,* palusot niya sa sarili.

“Pero nakakainis talaga siya!” hindi niya napigilang sabi. Napatingin sa kanya ang kaharap na lalaki. “Sorry.” Ngumiti si Sasha. “Naiinis lang kasi talaga ako. Nakakainis kasi ’yung boss ko. Mayabang na, wala pang konsiderasyon. Guwapo nga, pero masama ang ugali.” Napabuntong-hininga na lang siya. Nailabas pa niya ang sama ng loob sa isang estranghero. “Buti na lang hindi mo ako naiintindihan dahil Chinese ka. Kung di baka isumbong mo pa ako sa boss ko.”

Tumaas ang isang sulok ng mga labi ng lalaki.

“Kailangan ko lang talagang ilabas ang inis ko kung di ay baka mawala na talaga ako sa mood magtrabaho hanggang mamaya. Hindi ko talaga

siya maintindihan. Daig pa niya ang babae kung magbago ng isip. Ang sabi niya, huwag daw akong magpapasok ng kahit sino. Pero nang dumating ang Samantha na iyon, aba, biglang nag-iba ang ihip ng hangin. At kung makapag-utos, akala mo presidente ng Pilipinas. Nakakainis talaga ang lalaking 'yon!" Nanggigigil niyang tinusok ng tinidor ang kanyang ulam.

Narinig niya ang pagtawa ng kanyang kaharap. Gulat siyang napatingin dito. She could see the amusement in his eyes.

"Sino ba ang nakakainis mong boss?" nakangiting tanong nito. Halos isang guhit na lang ang mga mata nito dahil sa pagkakangiti.

Nanlalaki ang mga matang napatitig si Sasha sa kaharap. Nagta-Tagalog ito! Napaisip siya kung hindi ba racist ang comment niya kanina at nag-alala na baka na-offend ito.

"H-hindi ka Chinese? N-naintindihan mo'ng lahat ng sinabi ko?" gulat na tanong niya dito.

Nakangiting tumango ang lalaki. "My mother is half-Chinese. Filipino naman ang dad ko kaya marunong ako mag-Tagalog. And to answer your question, yes, I understand every word you've said about your boss."

Pakiramdam niya ay nag-init ang mukha niya.

---

Nakakahiya talaga siya.

“Naku! Sorry po.” Gusto niyang batukan ang sarili. She was so tactless. “Gusto mo ng ulam ko? Sige na, kuha ka. Para naman makabawi ako sa mga pinagsasabi ko sa ’yo. Pasensya na talaga sa kadaldalan ko.”

Muli itong tumawa. “Sure. Mahilig ako sa siomai. Sabi mo nga Chinese ako.”

Natawa siya sa sinabi nito. She had a feeling na makakasundo niya ang lalaking ito.